

Nagrebelde si Kora

BILANG KABANATA 16-17

Pumili ng mga activity na magugustuhan ng iyong anak at makakatulong sa kaniya. Pag-usapan ang mga ito bilang pamilya.




BASAHIN ANG BILANG KABANATA 16-17

Pagkatapos, basahin ang Isinalarawang Kuwento sa Bibliya (online o sa nakaimprentang PDF), at pag-usapan ang mga tanong sa dulo ng kuwento.


SUBUKAN ITO: Panoorin ang video na *Respect Jehovah's Authority* (available sa DVD o sa www.jw.org sa tab na PUBLICATIONS > VIDEOS). Pagkatapos, pag-usapan ang mga tanong na ito bilang pamilya: (1) Sa ano-anong paraan hindi nagpakita ng katapatan si Kora at ang kaniyang mga tagasunod? (2) Paano natin maipakikita kay Jehova na iginagalang natin ang kaniyang awtoridad?

IBA PANG ACTIVITY NA MAPI-PRINT




LARO AT LARAWAN

KULAYAN Basahin ang Exodo 28:15-21. Pagkatapos, tulungan ang iyong mga anak na kulayan ang mahahalagang bato sa pektoral, gupitin ang pektoral, at saka ito ipasuot sa kanila.



ACTIVITY PARA SA PAG-AARAL

PUZZLE Hilingin sa isang batang edad 3 hanggang 5 na gupitin at buuin ang kampo ng mga Israelita. Pagkatapos, ipagupit sa kaniya ang mga karakter ng Bibliya. Ipasulat sa kaniya ang pangalan niya at ipadrowing ang sarili niya sa isa pang blangkong piraso ng puzzle. Gamit ang mga piraso ng nabuong puzzle, ipasadula sa iyong mga anak ang kuwento ni Kora. Sa bawat eksena, tanungin ang iyong anak: “Kung nando’n ka, kanino ka kakampi?”



IPUNIN AT PAG-ARALAN

BIBLE CARD Basahin ang maikling impormasyon. Itanong ang mga tanong sa card. Gamit ang card na ito at ang iba pang card na available sa jw.org/tl, tulungan ang iyong mga anak na piliin ang lima pang karakter ng Bibliya na kabilang sa tribo ni Levi: (1) propeta na nagsimulang maglingkod sa tabernakulo noong bata pa, (2) tatlong anak ni Amram, at (3) anak ng isang saserdote na sumulat ng apat na aklat ng Bibliya.—**CLUE:** Basahin ang 1 Samuel 3:1; 1 Cronica 6:1-3, 33, 34; Jeremias 1:1.